

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 19-23, 2022 (WEEK 5) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan |
| **B. Pamantayan sa Pagaganap** | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan. **F5PS-Ia-j-1** | | | | |
| ***II. NILALAMAN*** | Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan<br><br>Inaasahan ko na pagkatapos ng ating paglalakbay ay magagawa mo ang mga sumusunod:<br><br>1. naipahahayag mo ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan;<br>2. nagagamit ang iba’t ibang pahayag na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan; at<br>3. napahahalagahan ang pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon sa napakinggang balita, isyu o usapan. | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Powerpoint, larawan ng dalawang batang magkapatid | Powerpoint, larawan | Larawan, metacards, video | Powerpoint, video | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Bago mo simulan ang panibagong aralin, tingnan muna ang mga larawan sa ibaba. Sikapin mong sagutan ang mga katanungan upang malaman ang lawak ng iyong mga natutunan.<br><br>Gamit ang mga pananda, kumpletuhin mo ang sumusunod na mga pahayag at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br><br><br>Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division<br>1. Para sa akin, ___________<br><br>Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division<br>2. Sa aking palagay, __________<br><br>Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division<br>3. Naniniwala po akong________<br><br>Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division<br>3. Hindi ako sang-ayon__________ | **TUKLASIN**<br><br>Magaling! Nagawa mong ibigay ang iyong saloobin o reaksiyon sa mga pamahiing ipinakita.<br>Sa bahaging ito ng iyong paglalakbay, ay muling masusubok ang iyong kakayahan sa<br>pagpapahayag ng sariling saloobin sa mga isyu o balitang napakinggan<br><br>Sa puntong ito nais kong tawagin mo ang iyong magulang o kapatid at ipabasa ang kasunod na teksto. Makinig ka nang mabuti at pagkatapos ay ibigay mo ang iyong reaksiyon tungkol sa ilang pahayag mula rito.<br><br>Gawin mong gabay sa pagsagot ang talahanayan.<br><br>Pakinggan ang teksto sa ibaba:<br><br>**Labanan ang Polusyon**<br>Malaking isyu ngayon ang pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin. Malulutas ang suliraning ito kung makikipagtulungan ang bawat tao. May mga batas na dapat sundin at may mga kautusang ipinatutupad ang ating pamahalaan. Magiging malinis ang paligid kung gagawin ng bawat isa ang kanilang tungkulin. Tayo ang dapat mangalaga na likas na kayamanan. Ang pag-unlad ng bayan ay sa atin nakasalalay.<br>*Pinagkunan:* DepEd LR Portal. *Sugnay/Pagbibigay-Solusyon sa mga Suliranin/Pagsulat ng Reaksiyon.* Retrieved at https://lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/6876<br><br>Bigyang pansin ang mga pahayag sa unang kolum na kinuha mula sa | **ISAISIP**<br><br>Dugtungan Tayo!<br>Sinimulan ko na ang mga pahayag sa<br>bawat bilang. Dugtungan mo ito ayon sa hinihingi ng pahayag. Simulan mo na!<br><br>1. Sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon, mahalagang gumamit ng mga<br>pahayag na ______________________________________________.<br>2. Mahalaga ang pagiging magalang sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon upang ____________________________________________________________.<br>3. Mahalagang pag-isipan ko nang mabuti ang aking reaksiyon o opinyon<br>sa anumang isyu upang ____________________________________________________. | **TAYAHIN**<br><br>**Ang Ating mga Ninuno**<br>May tatlong pangkat ng tao ang dumating sa Pilipinas: ang mga Negrito, ang mga Indones at ang mga Malayo. Sila ang maituturing na mga naunang nanirahan sa Pilipinas. Ang mga Negrito ang naunang pangkat ng tao na namalagi rito sa ating kapuluan. Nakarating sila dito sa pamamagitan ng pagdaan sa mga lupang tulay. Sila ay maliliit, maiitim, sarat ang ilong, makapal ang labi at kulot ang buhok. Nabuhay sila sa pangangaso, panghuhuli ng isda at pagsasaka. Sumunod na dumating ang mga Indones na nahati sa dalawang pangkat. Ang unang pangkat ay nakarating mula sa Timog-Silangang Asya.<br>*Pinagkunan: DepEd Regional Office VIII Test Item Bank*<br><br>Sa bahaging ito ay ibibigay mo ang iyong opinyon o reaksiyon sa ilang mga pahayag mula sa iyong napakinggan. Gamitin ang angkop na mga salita o<br>pananda sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon.<br><br>1. Mahalagang alamin ang pinagmulan<br>2. Malaki ang impluwensiya ng mga dayuhan sa pamumuhay ng mga Pilipino.<br>3. Iba't ibang pangkat ng tao ang<br>4. Dapat lamang na ipagmalaki ang | Lingguhang Pagsusulit |


teksto. Basahin at suriin ito nang mabuti. Sa ikalawang kolum naman, isulat ang inyong reaksion o opinyon tungkol dito.


| Mga pahayag mula sa teksto | Ang aking reaksiyon o opinyon tungkol dito |
|---|---|
| 1. Pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin. | |
| 2. Mga batas at kautusan na ipinatutupad ng pamahalaan na dapat nating sundin. | |
| 3. Paghahanap ng solusyon ng gobyerno para malabanan ang polusyon. | |

**SURIIN**

Sa pagpapatuloy ng ating paglalakbay, ay alamin natin ang mga panandang ginagamit upang maipahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isyu o balitang napakinggan.
Halika at ating alamin sa kasunod na talakayan.

Ang pagbibigay-reaksiyon ay isang mabuting kasanayan dahil naipahahayag natin ang sariling saloobin, opinyon o pananaw hinggil sa mga kaisipang inilahad.
Ito ay maaaring maipahayag sa pamamagitan ng pagsang-ayon o pagsalungat sa kaisipan ng nagsasalita o kausap. Sikapin lamang na maging magalang upang maiwasan ang makasakit ng damdamin ng kapwa.
Kapag sumasang-ayon maaaring gamitin ang mga sumusunod:
Sumasang-ayon ako…

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Magaling ang iyong ideya o naiisip…<br>Kapag magpapakita ng pagsalungat, narito ang ilan sa maaaring<br>gamitin:<br>Tutol ako sa sinabi…<br>Hindi ako pabor…<br>Nais ko lamang magbigay ng puna…<br>Kapag magbibigay ng sariling opinyon, maaaring gamitin ang mga<br>sumusunod:<br>Payag ako, pero sa palagay ko ay dapat…<br>Kung ako ang tatanungin …<br>Sa aking pakiwari….<br>Naniniwala akong….<br>Sa tingin ko… | | | |
| | **BALIKAN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat pamahiin. Ibigay ang iyong opinyon o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>1. Para maging matalino ang isang tao, kailangang may libro na ginagawang unan.<br><br>2. May paparating na biyaya o pera sa iyo kapag may umaaligid na kayumangging paruparo.<br><br>3. Kapag may nakasalubong na pusang itim sa daan, huwag nang magbalak pang tumuloy sa patutunguhan upang<br>hindi mapahamak o mamatay. | **PAGYAMANIN**<br><br>Magaling kaibigan!<br>Batid kong mayroon kang natutunan sa ating talakayan. Upang mailapat mo ang iyong natutunan, maaari mo nang umpisahan ang susunod na Gawain.<br><br>Basahin ang balita na nasa kahon.<br><br><br>**Bike Ordinance sa Silangang Samar, aprubado ng lokal na pamahalaan**<br>Dahil sa paglilimita ng pampublikong sasakyan ngayong panahon ng pandemya, pagbibisekleta ang nakitang alternatibong transportasyon ng taumbayan.<br>Kaugnay nito, pormal na kinilala ng lokal na pamahalaan ng Silangang Samar ang kauna-unahang naipasa at naaprubahang Bike Ordinance sa Pilipinas na pinangunahan ni Bise-Gobernador Maricar Sison-Goteesan.<br>Nakasaad din sa ordinansa ang layuning maipakilala ang karapatan sa kalusugan ng mga tao sa paggamit nito.<br>"Maliban sa pagsunod sa itinakdang *health protocols* ng Kagawaran ng Kalusugan, isinasaalang-alang din po ng lalawigan ang usaping-pangkalusugan ng ating nasasakupan," pahayag ng bise-gobernador.<br>"Magsisilbing proteksyon din ito sa paggamit sa daan kasabay ng iba pang mga biyahero," dagdag ni Atty. Byron M. Suyot, may-akda ng nasabing batas.<br>Ayon sa Provincial Tourism Officer ng Silangang Samar na si G. Neil Pinarok, ito ay isang mabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.<br>*- Gesille G. Grande, DepEd Borongan City Division* | **ISAGAWA**<br><br>Isang maikling talata ang pakikinggan mo sa bahaging ito ng iyong paglalakbay. Tutulungan ka nito upang higit pang mapalalim ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng reaksiyon. | **KARAGDAGANG GAWAIN** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Bawal magpakuha ng larawan ang tatlo dahil sinasabing mamamatay ang nasa gitna.<br><br>5. Sinasabing malas ang numero trese o Friday the 13th. | Suriing mabuti ang mga katanungan sa ibaba. Gamitin ang mga pananda<br>o pahayag sa pagbibigay-reaksiyon o opinyon sa inyong mga sagot.<br>1. Ano ang nakitang alternatibong transportasyon ng mga tao ngayong<br>panahon ng pandemya?<br>______________________________<br>________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________<br>2. Sa paanong paraan ipinakita ng lokal na pamahalaan ng Silangang Samar<br>ang kanilang suporta sa mga taong nag-udyok na gamitin ang pagbibisekleta bilang alternatibong transportasyon?<br>________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________<br>3. Ayon sa binasang balita, bakit mahalaga ang pagbibisekleta?<br>_____________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________<br>4. Paano mo maipapakita ang iyong suporta sa Bike Ordinance ng Silangang<br>Samar? Patunayan ang sagot.<br>______________________________<br>_________________ | <br>**Drogang Kumikitil sa Kinabukasan**<br>Amy S. Bretania<br>Droga ang takbuhan ng isang taong may sakit. Pinagagaling nito, anuman ang nagpapahirap sa iyo.<br>Ang hindi tamang paggamit nito ay nakababahala sa kalusugan na unti-unting kumikitil sa isipan at kaluluwa ng mga taong walang kahihinatnan ang buhay.<br>Ang paggamit nang sobra nito ay maaaring makasira ng kinabukasan, isipan at kalusugan ng mga inosenteng bata maging man sa mga nasa hustong pag-iisip na. Pampalimot daw ng problema. Ito ay maling akala, sapagkat hindi nila alam, ito ay nakamamatay.<br>Maraming bata ang nalulong sa masamang bisyo dahil sa kapabayaan ng mga magulang, pang-aabuso ng sariling ama, sobrang pagprotekta ng mga magulang, mga masasamang impluwesya ng barkada o di kaya'y kakulangan ng oras mula sa pamilya.<br>Ang paggamit ng droga ay isang pagkakamaling gawain na sumisira sa kinabukasan. Ito ay malulutas lamang kung binigyang pansin ng mga magulang ang kanilang responsibilidad. Sa oras na kakailanganin sila ng kanilang mga anak, nandiyan at nakaagapay dapat sila sa hirap at ginhawa.<br>Kung tutuusin hindi materyal na bagay ang mahalaga, kundi ang pag-aaruga at pagmamahal ng mga magulang na siyang susi sa kaligayahan at pagkakabuo ng pamilya. Tunay na ang kaginhawaan at kaunlaran ng bawat isa ay matatamo kung bibigyan pansin ng magulang ang kanilang responsibilidad sa kanilang mga anak. Hindi na sana ito hahantong sa karahasan, pagkitil ng buhay at kasawian.<br>*Pinagkunan:* Amy S. Bretania. ***Pagsulat ng Reaksiyon/Opinyon sa Napapanahong Isyu.*** **DepEd LR Portal.** *https://lrmds.deped.gov.ph/detail/17680*<br><br>Isulat mo ang iyong reaksiyon o opinyon sa sumusunod na mga katanungan. Gamitin ang pananda na ginagamit sa pagbibigay-reaksyon.<br><br>1. Ano ang nabanggit na problema na nakakaalarma sa napakinggang teksto?<br>________________________<br>________________________<br>_____<br>_<br>2. Sa palagay mo, bakit ba naligaw ng landas<br>ang mga bata?<br>________________________<br>________________<br>3. Masasabi mo ba na malulutas pa ang problema ng mga anak?<br>ng mga magulang?<br>Magbigay ng pahayag.<br>________________________<br>________________________<br>________________________<br>______________ | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ______________________________<br>______________________________<br>______________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________ | 4. Paano mapahahalagahan ang kapakanan<br>ng mga anak para matamo ang<br>magandang kinabukasan?<br>________________________<br>________________________<br>_ | | |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |
| **V. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |